"Mapapalad ang mga nahahapis, sapagkat sila ay aaliwin" (Mateo 5:4)

* * *

Ang lungkot ng tao ay isang likas at malusog na damdamin, ngunit mag-ingat sa pagkalungkot dahil sa hindi natupad na ninanais na kasalanan.

Maraming tao sa ating lipunan ay may maka-dibersyong kaisipan. Nauubos nila ang maraming oras at salapi sa libangan, mas ninanais na magpasasa sa buhay at makaiwas sa mga suliranin kung maaari. Para sa kanila, ang Mateo 5:4 ay isang kabalintunaan. Paanong ang isang taong nagdadalamhati ay maging masaya? Ang sagot ay nasa pagkakaiba ng dalamhating mula sa Diyos at dalamhating mula sa tao. Ang dalamhating mula sa Diyos ay pagkahapis sa kasalanan; ang dalamhating mula sa tao ay pagkahapis sa isang trahedya o nakakapanlumong pangyayari (2 Cor. 7:8-11). Sa Mateo 5:4 tinutukoy ni Jesus ang dalamhating mula sa Diyos.

Ang dalamhating mula sa tao ay isang likas na damdamin. Ang atin mismong Panginoon ay *"taong nagdurusa, at sanay sa kalungkutan"* (Isa 53:3). Maraming bagay ang maaaring dahilan nito. Maaari tayong magdalamhati dahil sa pag-ibig, pagkabigo, kalungkutan, o karamdaman.Wala namang masama sa ganitong uri ng pagluluksa. Ito ay isang kaloob ng Diyos na nakapagpapagaan sa mga pasakit at kahapisan sa mundong ito, at ito'y natataguyod ng patuloy na kagalingan.

Nagbibigay ang Mga Kasulatan ng maraming halimbawa ng dalamhating mula sa tao. Umiyak si Abraham nang mamatay ang kanyang asawang si Sara (Gen. 23:2). Lumuluha si Jeremiah habang ipinangangaral niya ang mensahe ng paghahatol ng Diyos (Jer. 9:1). Ipinahayag ni Pablo ang kanyang pagkabahala para sa iglesya na lumuluha (Acts 20:31). Ang mga iyon ay likas, malusog na kapahayagan ng dalamhating mula sa tao.

Subalit, maaari rin namang maging dahilan ng dalamhati ang mga masasamang naisin o kakulangan ng pagtitiwala sa Diyos. Si Haring Ahab ay nagluksa hanggang sa halos magmaktol at di kumainnang hindi niya makuha ang pag-aari ng ibang tao (1 Hari 21:4). May ilang Cristiano naman na naguluksa nang labis-labis kapag namatayan ng mahal sa buhay. Pinababayaan ang pang-aaliw ng Espiritu,nakatuon lamang sila sa kanilang lumbay. Ang labis-labis o matagal-tagal na pagpapakita ng dalamhati ay kasalanan at dapat na ikumpisal sa halip na aliwin.

Ang Diyos ay mabiyaya sa Kanyang mga anak sa gitna ng mga panahon ng kanilang dalamhati. Sa katapus-tapusan aalisin Niya ang mga kasakitan at pagluluksa magpakailanman (Pahayag 21:4). Magalak sa pangakong ito, at maaliw ng Kanyang kamangha-manghang biyaya!

* * *

Mga Suhestiyon para Ipanalangin: Palamatan ang Diyos sa gawain ng Espiritu, na siyang dakilang Tagapag-aliw o Katuwang (Juan 14:16-17). Kapag may kahapisan, sumandig sa Espiritu, pakainin ang iyong kaluluwa ng Salita ng Diyos, at makipagniig sa Kanya sa pananalangin.

Para sa Karagdagang na Pag-aaral: Basahin ang Awit 55. Paano inihayag ni David ang kanyang naisin na mataaan ang kanyang mahirap na kalagayan? Ano ang kanyang kahuli-hulihang kapasiyahan?